



# Ang *Ma'i* bilang *Bay*: Isang Muling Pagbasa at Pagtatasa

Jolan S. Saluria

Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Maynila

## ABSTRAK

Ang papel na ito ay komentaryo sa artikulong—*Ma'l in Chinese Records—Mindoro or Bai? An Examination of a Historical Puzzle* ni Go Bon Juan. Layunin ng pag-aaral na ito na lumikha ng isang mapanglagom at preliminaryong pagbasa sa *Ma'i* bilang isang suliraning historiograpiyal. Sa muling pagbasang ito ay pagtutuunan ng pansin ang maikling pagbaybay sa historiograpiya nito na susundan naman ng interogasyon at pagbibigay kritik sa kamakailang pag-aaral dito ni Go Bon Juan at mga suliraning kinakaharap ng kaniyang interpretasyon na umiinog sa pagpapalagay nito na ang *Ma'i* ay natagpuan ng mga banyagang mangangalakal sa kasalukuyang rehiyon ng lawa ng Laguna. Mangyari pa, hindi lamang nakatali sa nakasanayan at makitid na pagtitiyak ng pook ang tutok ng pag-aaral. Pagtatangka rin ito na bigyang diin ang “saysay” nito sa pamamagitan ng pagpopook sa *Ma'i* sa malawak na kontekstong pangkasaysayan na kinasasangkutan nito. Una, bilang isang mahalagang yugto ng napakahabang kasaysayan ng rehiyon ng lawa ng Laguna, at; pangalawa, bilang mikrokosmong bahagi ng naging historikal na pagsulong ng buong Dunia Melayu. Sa huli, sa pamamagitan ng kritikal na panunuri sa mga pundamental na proposisyon ni Go Bon Juan ay ang pag-uwi ng pag-aaral sa konklusiyong bagaman kasalukuyang maipapalagay na ang *Ma'i* ay ang *Bay* nga ng Laguna, mapaninindiganang hindi talaga sa kasalukuyang kinalalagyan nito sa Laguna nadatnan ng mga mangangalakal ang *Ma'l*, kung hindi sa kasalukuyang erya ng Verde Island Passage na kinabibilangan ng kasalukuyang Batangas-Mindoro axis kung saan nakaugnay ang Puliran o Lawa ng Laguna.

## Mga Susing Salita

*Ma-i*

*Bay*

*lawa ng Laguna*

*kritika*

*Go Bon Juan*

## Katugunang May-akda

Jolan S. Saluria

jssaluria@pup.edu.ph

**Natanggap:** Pebrero 21, 2024

**Nirebisa:** Abril 18, 2024

**Tinanggap:** Hulyo 23, 2024

**Nailimbag:** Hulyo 30, 2024



# *Ma'i as Bay: A Rereading and Appraisal*

Jolan S. Saluria

Polytechnic University of the Philippines, Manila

## ABSTRACT

This paper is a commentary on the article—*Ma'i in Chinese Records—Mindoro or Bai? An Examination of a Historical Puzzle* by Go Bon Juan. The purpose of this study is to create a comprehensive and preliminary reading of Ma'i as a historiographical problem. In this re-reading, particular attention will be paid to a brief description of its historiography which will be followed by an interrogation and criticism of Go Bon Juan's recent study on the subject and the problems faced by his interpretation that revolve around its assumption that *Ma'i* was discovered by foreign traders in the current region of Laguna Lake. Furthermore, the focus of the study is not only tied to the traditional and narrow specificity of the area but also an attempt to emphasize its "meaning/relevance" by locating Ma'i in the broad historical context in which it is involved. First, as an important episode in the very long history of the Laguna lake region, and; secondly, as a microcosm of the historical development of *Dunia Melayu*. In the final analysis, through a critical examination of Go Bon Juan's fundamental propositions, it is concluded in this study that although it is currently assumed that *Ma'i* is the Bay of Laguna, it can be argued that it is not really in its current location in Laguna where the traders found the *Ma'i*, but rather in the present area of the *Verde Island Passage* which includes the present day Batangas-Mindoro axis where *Puliran* or Laguna Lake is connected.

## Keywords

*Ma-i*  
*Bay*  
*Laguna lake*  
*critique*  
*Go Bon Juan*

## Corresponding Author

Jolan S. Saluria  
jssaluria@pup.edu.ph

**Received:** February 21, 2024

**Revised:** April 18, 2024

**Accepted:** July 23, 2024

**Published:** July 30, 2024

## Panimula

Ang kasaysayan ay usapin ng identidad. Nasasalalay sa ganitong tunguhin ng kasaysayan kung bakit nakapaghaharap ng suliranin ang matagal nang napaglumaang positibistikong diktum ng tradisyunal na historiograpiyang nasasalalay sa doktrinang– “walang dokumento, walang kasaysayan”. Isang historiograpiyang tumanggap ng kolonyal na pagtatakda sa sarili gaano man “makaPilipino” ang perspektiba nito bunga na rin ng mahigpit na pagkakatali nito sa mga teksto at ang kaakibat nitong pagpihit sa 1521 o 1872 bilang ikutang pangyayari sa kasaysayan ng bansa (Salazar, 1989). Sa ganitong suliranin na lamang nakasalig ang pagsisikap ng mga nagsusulong ng *Bagong Kasaysayan* na ‘wag uminog ang pagsasakasaysayan sa mga dokumentong naisatitik lamang. Yayamang sa pagsasakabuluhan ng *bagong historiograpiya* sa diwa ng *Pantayong Pananaw* ay ang pagbibigay diin din naman na ang “malalim” na kasaysayan ng sangkaPilipinuhan bago ang kolonyalismo ay primaryang nasasalalay sa malawak na daigdig ng mga hindi nakasulat na batis.

Muling binibigyang sigla sa pagtulak ng ganitong tunguhin ang kritikal na panunuring nag-iimbata sa paghahanap ng mapanghahawakang batayan ng mas malalim na nakaraan ng bansa. Isang nakaraan na ano pa’t tanging maisasakatuparan sa pamamagitan ng pagkawing sa iba’t-ibang direksyon ng pananaliksik o/at mga “lampas sa kahon” na mga metodolohiya o kaparaanan. Ayon nga kay Zeus Salazar (1974):

Kung tutuusin, sa gayon, ang mga “dokumentong primarya” ng mga propesyunal na istoryador ay talagang pangalawa lamang kung ihahambing sa mga dokumentong arkeolohikal, etnolohikal, lingguwistiko, at folkloristiko. Wala silang pagkakaiba sa mga salawikain, salaysay at alamat, kung ang sinusuri ay ang kabuuang anyo ng isang epoka. Lahat ay saksi ng isang kabatirang panlahat (p.170).

Kaugnay ng mga suliranin hinggil sa kakulangan ng mga nakasulat na batis ay ang natalastas noon ng mapagbukas landas na 1968 disertasyon ni William Henry Scott na inilimbag kinalaunan ng *University of Santo Tomas Press*. Sa akdang ito ay tinukoy ni Scott na ang preHispanikong nakaraan ng bansa ay maaari pa ring “masilip” sa pamamagitan ng, ngunit hindi limitado sa, pananangkapan sa mga pantulong na disiplina tulad ng arkeyolohiya at linggwistika, habang sinasalungguhitan din naman sa isang dako ng may kahalintulad na pagpapahalaga ang mga banyagang batis na nakasulat (Scott, 1984). Pumapasok sa kategorya nitong huli ang pagbibigay halaga ni Scott sa mga kronikang Tsino na nagtataglay ng implisitong pagtukoy sa mga lugar sa kapuluang tatawaging Pilipinas kinalaunan. Naniniwala si Scott na makapagbibigay ang mga pragmentiko’t pirapirasong tala na ito ng mga bungkos na kaalaman ng “bakas ng yapak” sa ating nakaraan.

Sa pamamagitan ng panunuri ni Scott sa mga kronikang Tsino, binigyan nito ng malaking puwang ang pagsisipi sa monumental na akdang *Zhu Fan Zhi* ni Chao Ju-kua (1225) at ang *Dao-I Zhi Lue* ni Wang Ta-yuan (1349) na kapwa nagbanggit sa *Ma’i* na ipinapalagay ng maraming historyador na isang pook na matatagpuan sa Pilipinas. Kaiba nga lang kay Chao Ju-kua na ang tala ay batay lamang sa mga “kwento” o “sabi-sabi” ng mga mangangalakal na dumadaong sa daungan ng Quánzhōu kung saan siya naging tagapamahala ng adwana

(*customs*) para sa maritimong kalakalan mula 1205, higit na mas mapapanaligan ang tala ni Wang Ta-yuan dahil personal itong tumungo sa lugar na kaniyang sinulat at walang alinlangang nagtiyak sa kinaroroonan ng *Ma'i* sa Pilipinas (Patanne, 1996).

Kung maipapalagay na sa Pilipinas nga matatagpuan ang *Ma'i*, na umiiral na sa mga kronikang Tsino buhat pa noong 971 M.K, maituturing na isang suliranin ang biglaang pag-iral nito sa mga batis pangkasaysayan. Ang suliraning ito ay mayroong kinalaman sa naratibo ng pag-iral nito kaugnay ng halos kasabayang paglitaw nito kasama ng *talasokrasiya* ng Butuan-Tundun-Puliran noong 900 M.K at ng kaharian ng Namayan mula ika-900 M.K hanggang ika-14 na dantaon (Paz, 2009; Tiongson, 2013; Salazar, 2013; Saluria, 2023). Mahalaga ang pagsalungguhit dito sapagkat hayag ang suliraning ito kinalaunan sa magiging interpretasyon ni Go Bon Juan sa kaniyang naging pagtataya. Ito ay kung sukat idagdag pa ang tangkang paghahanap nito sa lokasyon ng Ma'l na pangapangapa nitong sinagawa. Ngunit kung tutuusin, ang paghahanap sa Ma'l tulad ng isinagawa ni Juan ay hindi isang bagong usapin bagkus ay pagpapatuloy lamang ng iniwang paksa ng mga Pilipino at banyagang intelektwal na mayroong interes sa paghahanap ng sinaunang bayan noong ikalawang hati ng ikalabing siyam na dantaon.

Isa sa mga pinakamaagang pagtatangka rito ay unang makikita sa pag-aaral ni Rizal sa isang liham niya kay Adolf Bernhard Meyer na isang anthropolohistang Aleman noong siya ay nasa London noong 1888. Ikutang panahon ang taon na ito sapagkat ito ang panahon kung kailan naging preokupado si Rizal sa pagtuklas ng ating prekolonyal na nakaraan upang lumikha ng kontra-kamalayang niluwal ng dalawahang pananaw sa kasaysayan ng mga Kastila (Salazar, 1983). Sa katunayan, dahil sa pananaliksik ni Rizal ay nagamit niya ang mga datos na iniulat ni Chao Ju-Kua hinggil sa Ma'l nang isulat nito ang kaniyang *Sobre la indolencia*. Sa liham niya kay Meyer ay nagbigay komentaryo si Rizal na ang *Ma'i* sa mga kronikang Tsino ay tumutukoy sa isang lugar o rehiyon sa Pilipinas na “walang tiyak na kasiguraduhan” kung nasaan. Subalit maaaring pumatungkol aniya sa lugar na pinamamahayanan ng mga Tagalog tulad ng Maynila hanggang Laguna de Bay (*Escritos Politicos e Historicos por Jose Rizal*, 1961).

Bunsod na lamang ng ganitong kawalang katiyakan nakasalig kinalaunan ang panunuri ng historyador na si William Henry Scott sa pagkakakaroon nito ng lukso ng paglayo mula Maynila-Laguna de Bay patungo sa Mindoro bilang lokasyon ng *Ma'l* (Scott, 1984). Ito ay bilang reaksyon sa napagpaunang ispekulasyon nina Rizal at ilan pang mga iskolar noong dulong bahagi ng ikalabing siyam na dantaon. Magkagayunman, sa harap ng tangkang pagluksong ito ay ang malinaw na limitasyon sa analisis ni Scott sa pagsusuring hinugot nito mula sa mga etnograpiikal na datos ukol sa mga Mangyan. Hindi ito nalalayo sa hinuha ni Antoon Postma na isang anthropolohistang Olandes na dalubhasa sa mga Mangyan matapos mapadpad sa Mindoro noong 1958 (Postma, 1974). Kagaya ni Scott, malinaw din sa mga pag-aaral ni Postma ang pagtutumbas nito sa *Ma'i* bilang Mindoro sa simpleng kadahilanang nagawa ng mga katutubong Mangyan sa bahaging ito na mapanatili ang paggamit sa salitang *Mait* bilang pangtukoy sa Mindoro (Postma, 1985, as cited in Schult, 1991; see also Wolters, 1982). Mapapaniwalaan man o hindi ang payak na hinuha rito kapwa ni Scott at Postma ay ang nakaamba ritong malaking katanungan. Sa harap ito ng katotohanan na sa kasalukuyang kaalaman sa arkeyolohiya ay hindi mapapaniwalaan ang Mindoro (kung ito nga ang *Ma'i*) bilang isang sentrong komersyal. Yayamang malinaw sa datos arkeyolohikal na wala ni alinmang

sindami at singkabuluhang liktao ang nahukay sa *Mindoro* kung ikukumpara sa mga paghuhukay na naisagawa sa Laguna de Bay—itong huli bilang hinihinalang pook-lokasyon din ng *Ma'i* (Paz, 2022).

Ang ganitong kumbenyenteng pagpapaliwanag nina Scott ang dahilan kung bakit sa nakalipas na mga dekada ay napagbuntungan ang *hypothesis* na ito ng pagdududa. Isa na sa mga nagpasubali rito ay ang Filipino-Tsinong historyador na si Go Bon Juan sa kaniyang artikulo noong 2005 na nilimbag ng *Philippine Studies* ng Ateneo de Manila University. Sa mabibigyang komendasyong artikulo na ito ay nagkaroon si Go Bon Juan ng malaking lukso ng paglayo mula sa Mindoro ni Scott patungo o/at pabalik sa kasalukuyang *Bay* ng Laguna. Isang pagtatayang deribatibong nahahawig sa napagpauna nang ispekulasyon nina Rizal at maging si Blumentritt. Katunayan, ang artikulong ito ni Juan ay lumitaw na sa samot-saring pagsipi sa mga artikulo at aklat na may kinalaman sa prekolonyal na kasaysayan ng bansa manipestasyon ng pagtanggap sa naging heuristiko nitong pagtataya. Subalit, bunsod ng patuloy na paglago ng kaalaman sa kasalukuyan sa iba't ibang mga agham, masasabing ang interpretasyong ito ni Juan ay nangangailangan ng muling pagkilatis at pagsusuri sa harap ng ilang mga malinaw na kalabuan at kwestyunable nitong mga proposisyon na tila hindi nito nabigyang sagot at katarungan sa kaniyang akda.

## Interogasyon sa *Ma'i* ni Go Bon Juan

Kung masusing susuriin ang papel ni Go Bon Juan na pinamagatang “*Ma'l in Chinese Records—Mindoro or Bai? An Examination of a Historical Puzzle*” (Juan, 2005), masasabing tatlo ang matutukoy na susing punto sa papel ni Juan sa pag-uwi nito sa konklusyong ang *Ma'l*, na itinuturing bilang sinaunang *exonym* ng Pilipinas, ay ang kasalukuyang *Bay* ng Laguna, o sa kabilang banda ay arbitraryong tumutukoy din (dangang malinaw ang pagpapalitan o *interchangeability* ng dalawa sa papel ni Juan) sa rehiyon ng kasalukuyang probinsya ng Laguna kung saan kabilang ang Pila at ang iba pa. Sa pamamagitan ng pananangguni nito sa mga salalayang linggwistikal, arkeyolohikal, at dulog heyolohikal ay nagawa ni Juan na mapagpatibay ang kaniyang interpretasyon sa binuo nitong hypothesis.

Sa una, inumpisahan ni Juan sa kaniyang papel ang panunuri sa nabanggit nitong batas pangwika hinggil sa kawalan ng ‘di umano’y tumbasan ng titik “*B*” sa palatinigang Tsino. Ito umano ang dahilan, ayon sa kaniya, upang maging palasak ang pagkakaroon ng pagpapalitan ng “*B*” bilang “*M*” sa mga talang Tsino—i.e. Bataan (*Miao-ta-an*), Batangas (*Ma-tang-an*), Bicol (*Mi-kut*). Nasasalalay sa batas pangwika na ito maihalalintulad ang palitang *Bay* tungong *Ma'l* na siyang sapat na dahilan para kay Juan ng mataas na posibilidad ng ganitong katiyakan. Mangyari pa, ang kahalintularan ng tunog ay isa rin sa mga nagpapatunay nito. Sang-ayon sa kaniya, “Based on this linguistic fact, it is highly possible that the *Ma'l* in Chinese records is really *Ba'l*. In fact, if only for phonetics, *Ma'l* sounds closer to *Ba'l* than to *Mait*” (Juan, 2005, 124).

Mapatotohanan man ito, tila nangangailangan ito ng muling siyasat sang-ayon na rin sa mariing pagdududa dito ng ilang mga iskolar tulad na lamang ni Shao-yun Yang ng Departamento ng Kasaysayan ng Denison University na gumawa ng kumprehensibong anotadong salin ng *Zhufan Zhi*. Tinuturing kasi ni Yang na “*inconclusive and not fully accurate*” ang ginawang asersyon at pagsusuring linggwistikal ni Juan (Yang, 2020, “Mayi”). Katunayan, sa kaniyang *translator note* sa makabagong salin sa akda ni Chao Ju-kua, binanggit nito ang

kawalang saysay sa pagsalungguhit ni Juan hinggil sa kawalan ng tumbasan ng “B” sa wikang Tsino (Mandarin). Para sa kaniya, ang nabanggit ni Juan na lokal na rendisyon ng *B* tungong *M* ay transkripsiyong nasasalalay hindi sa Mandarin (na *voiceless* ang *B*), tulad ng nabanggit ni Juan, kung hindi sa diyalektong Hokkien na mayroong *voiced* *B* at *M* na kapwa *allophones*. Sa aking personal na pagkikipag-ugnay kay Yang, binanggit nito ang malinaw na pagkalito ni Juan hinggil dito, ani niya:

*“It is true that the 'b' sound in Mandarin, which is typically voiceless, differs from the English 'b', which is typically voiced . However, the lack of a voiced 'b' sound in Mandarin isn't really relevant to Go Bon Juan's examples of 'b' sounds in Tagalog being transcribed as 'm' in local Filipino Chinese renderings of toponyms. These local transcriptions are all based on the Hokkien (Minnan) dialect of Chinese, in which there is a voiced 'b', but where the voiced 'b' and 'm' sounds are interchangeable allophones. In the official Mandarin transcriptions of Bataan, Batangas, and Bicol (i.e., badan, badayan, and bike'er), the initial is always a voiceless 'b' sound, not a voiced 'm.' So what Go Bon Juan was noticing wasn't actually the lack of a 'b' sound in Chinese (Mandarin) but rather the interchangeability of the 'b' and 'm' sounds in Hokkien” (personal na komunikasyon, Pebrero 18, 2024).*

Sa kabilang dako, liban pa sa paggamit ni Juan sa linggwistika ay ang pananangkapan din naman nito sa mga batayan at katibayang arkeyolohikal. Partikular na ang pagsalungguhit nito sa “kremasyon” na isinalarawan ni Chao Ju-kua sa *Ma'i* bilang pamamaraan ng paglilibing, at pag-uugnay dito sa natuklasang mga *cremation burials* sa Pinagbayanan sa Pila, Laguna. Para kay Juan ang pagkakatuklas na ito ay “significant in relation to the study of *Ma'i*” dahil direkta itong may pagkakaugnay sa nabanggit sa mga kronikang Tsino hinggil sa paglilibing (Juan, 2005, 129). Sa pamamagitan ng pagsisipi nito sa pag-aaral ni Tenazas (1973, 1982) natukoy nito na ang mga *cremation burials* na ito ay may relatibong petsa na ika-13 hanggang 14 dantaon M.K. Mahalaga ang pagtatakdang kronolohikal na ito para kay Juan sapagkat kapanahon at maiuugnay ito sa naitalang “pagsusunog ng bangkay” ni Wang Ta-yuan noong ikalabing tatlong dantaon. Bagaman maaaring masabi bilang konkretong patunay, o/at mapapatotohanan man nito ang pagkakaugnay o tumbasan ng *Ma'i* bilang *Bay*, masasang-ayunan sa kasalukuyan sa harap ng pag-unlad ng kaalaman sa arkeyolohiya na hindi talaga sa kasalukuyang rehiyon ng lawa ng Laguna naabot ng mga mangangalakal ang *Ma'i* katulad ng sinalungguhitan ng arkeyolohistang si Grace Barretto-Tesoro (2013) sa kaniyang pag-aaral. Ito ay sapagkat hindi naging o/at masasabing sapat ang dami ng mga porselana na nakuha/nahukay sa mga libingan ng Pila noong nagkaroon dito ng *salvage excavation* noong 1968 upang masabi at magkaroon ng konkretong pagtataya na naging sentrong pangkalakalan nga ang naturang rehiyon gaya ng asersyon ni Go Bon Juan.

Kaugnay ng ganitong suliraning arkeyolohikal na sinalungguhitan ni Barretto-Tesoro mabibigyang tanong kung talaga nga bang sa lawa ng Laguna naabot ng mga banyagang mangangalakal ang *Bay*. Higit lalo pa kung isasaalang-alang din ang distansya nito sa ilawud ng Tondo na umiiral na bago pa man ang 900 M.K. Ang katanungang ito ay hindi malinaw na

binigyang pagtitiyak ni Juan sa kaniyang papel, at sa halip ay simplistiko at kumbenyenteng ipinaliwanag na lamang ito bilang dulot ng ‘di umano’y “transpormasyong heyolohikal” na naganap dantaon na ang nakakaraan. Transpormasyong hindi malinaw kung “kailan” sapagkat walang alinmang nailatag si Juan na malinaw at klarong kronolohiya ng mga pagbabagong nabanggit. Ang katiyakan lamang para kay Juan (2005) ay ang katotohanan na “...the early traders could readily sail to Laguna from Manila Bay because they used to be connected. Volcanic eruptions resulted in geological transformation, with land forming to separate what became two bodies of water” (p. 125).

Bunga ng suliraning ito ay kapansin-pansin ang pagtatangka dito ni Juan na igpawan at sagutin ang malinaw na kinaharap niyang suliranin hinggil sa kung papaano nga ba nakarating ang mga banyagang mangangalakal sa Ba’i (kung maipapalagay ngang naririto o ito ang *Ma’i*) gayong hindi naman palaisipan ang usapin ng “distansya” kung isasaalang-alang ang relatibong layo nito sa wawa o ilawud ng Tondo at Maynila. Ang balakid na ito ang nagdala kay Go Bon Juan (2005) upang sabihin na:

*Early on, I entertained doubts that Ma’I could not be Bai in Laguna because of the geographical location of the town of Bai, which is south of Laguna de Bay. I imagined that, sailing from China, the Chinese traders would have had to make a long detour to get to Laguna. The traders needed to enter Manila Bay and traverse the inland Pasig River to reach the town of Bai. Because it was not readily accessible to foreign ships, Bai, I thought, could not have been Ma’I; it would have been unlikely for Chinese traders to have traded directly with the Bai people (p.125).*

Sa layuning mapunan ang malinaw na suliraning ito ay padalos-dalos na sumangguni si Juan sa mga mapa ng ikalabing pito hanggang ikalabing walong dantaon upang magbigay pahiwatig na magkaugnay pa ang lawa ng Laguna at look ng Maynila. Pinatunayan niya ito sa pamamagitan ng pagsisipi sa mga piling mapa na kaniyang nabanggit tulad ng: *Archipel des Indes Orientales* (1750), *Les Isles de la Sonde* (1762), *La Presqu’ Isle De L’Inde au de la Du Gange* (1770), *Carte Des Indes En Deca et au de la Du Gange* (1781), at ang *Isles Philippines* (1748) na nagsasalarawan ng gustong maipakitang “pagkakaugnay” na ito. Sinusugan ito ni Juan sa pamamagitan ng pananangguni sa mga heyolohikal na pag-aaral na nagpapakita ng umano’y naganap na drastikong pagbabago sa tanawin sang-ayon na rin sa pagsisipi niya sa naging pananaliksik ng mga heyolohistang sina George Adams (1910) at Armando Manalo (1971). Sa kabilang dako, kailangang salungguhitan ang pagsisiping ito ni Juan kapwa kina Adams at Manalo sapagkat maging sa kanilang pag-aaral ay hindi sila nagbanggit ng depinitibong petsa ng naganap na transpormasyong heyolohikal buhat pa noong panahong imemoryal. Samakatuwid, kung susundan, implisitong pinapahiwatig sa pag-aaral ni Go Bon Juan mula sa mga mapa na kaniyang sinipi na mula ika-18[A1] at maaaring hanggang ika-19 dantaon M.K ay wala pa ang malinaw na distinksyon sa pagitan ng tubig alat (look) o tubig tabang (lawa) ni ng pinanggagalingang batis ng “pagdaloy” at “pinagdadaluyan” sapagkat “nakaugnay” pa ang mabubuo o/at nabubuo pa lamang na lawa ng Laguna sa look ng Maynila—isang konklusyong bagay na hindi mapapanaligan at masangguning mapaghahambing sa alinmang mga batis pangkasaysayan.

Ang hindi pagiging maingat at pagiging “mapili” ni Juan sa mga piling mapa bilang batis, at kawalan ng koroborasyon dito bilang batayang kaparaanan upang pagtugmain ang isang batis sa iba pang mga kontemporaryong batis na kaniyang sinipi ay isang malaking kabawasan sa kaniyang ginawang interpretasyon o/at pagsusuri. Bilang halimbawa, masasabing inkonsistent ang argumentong ito kung sasangguni ang isa sa pamosong *Murillo Velarde Map* o kilala din sa tawag na *Nicolas de la Cruz Bagay Map* noong 1734—na ‘di hamak na mas maaga kaysa sa limang piling mapa na kaniyang sinipi. Sa mapang ito, malinaw na makikitang buo na ang lawa ng Laguna na pinaghihiwalay ngunit pinag-uugnay ng sistemang ilog Pasig taliwas sa hinuha ni Go Bon Juan. Ganito din ang kaso sa ilan pang mga mapa tulad na lamang ng isang mapa na may petsang c.1769 ng kartograpong Ingles na si Thomas Kitchin na may pamagat na “*A new map of the Philippine Islands : drawn from the best authorities*” kung saan malinaw din namang makikita na ganap nang buo ang lawa ng Laguna. Kung gayon, masasabing ang asampsyon ni Juan ay nagpapatihulog sa abstraksyon ng mapa na produkto ng subhektibong kamay ng tao at pinapatakbo ng operasyon ng limitado nitong pang-unawa. Kinakailangang isaalang-alang na ang mapa ay hindi tulad ng teksto na maaaring maging kwalipikado sa paghahanap ng mga tiyak na kahulugan. Ito ay sapagkat sa panahon kung kailan wala pang mga abanteng teknolohiya, hindi makapaglalalahad, o perpektong tinatangan ng ilang mga mapa ang obhektibong guhit o ang eksaktong pisikal na katangian ng isang lugar (Wright, 1942).

Sa kabuuan, ang lubos na kakulangan ni Juan sa pagtatakdang kronolohikal sa nabanggit niyang transpormasyong heyolohikal ay isang malinaw na kahinaan. Sa harap ito ng katotohanang mahalaga ang kronolohiya upang mailagay ang mga pangyayaring sinusuri sa nararapat nitong historikal at pangkalinangang pagkakapook. Naging suliranin ito sa kaniyang pag-aaral dahil sa hindi kasi nakapagbigay ng depinitibong petsa ang pagsisipi nito kay George Adams o kahit kay Armando Manalo. Isang bagay na pangapangapa nitong pinunan na nag-resulta sa implisitong pagtatakda nito sa pag-uumpisa ng naganap na heyolohikal na pagbabago noong mga bandang ikalabing walong dantaon hanggang ikalabing siyam na dantaon lang batay sa mga mapa na kaniyang sinipi. Ang ganitong pangapangapang petsang pagtataya ni Juan kung susumahin ay restitusyong bagay na maisasatama na nagtapos hindi talaga sa panahon na kaniyang nabanggit ngunit, sa halip, ay higit na mas matagal pa kaysa rito. Partikular noong mga humigit kumulang 6,000 BKas(Bago ang Kasalukuyan) hanggang 4,000 BKas lamang, bilang yugto kung kailan ganap na nagtapos ang transisyon magmula sa pagiging tubig alat patungo sa pagiging tubig tabang ng lawa ng Laguna. Ang mapapanaligang datos na ito ay makailang beses nang pinatunayan sa tesis masterado, at iba’t-ibang mga pag-aaral ni Caroline Jaraula (2001) ng UP Marine Science Institute gayundin maging ng ilan pang mga pag-aaral (Jaraula et al., 2014; see also Paz, 2022) na higit na mas siyentipiko ang dulog kung ikukumpara sa payak na “pagmamapa” dito ni Juan.

Sa kabilang banda, kung sasang-ayunan ang petsang ito ng mga heyolohista, maitutugma din naman sa petsang 4,000 BKas/2,000 B.K (bilang panahon ng pagtatapos ng transpormasyong heyolohikal) ang pagkakatugma nito sa panahon kung kailan din nag-umpisang lumaganap ang mga Austronesyano mula Taiwan patungong Pilipinas (Bellwood & Dizon, 2008). Samakatuwid, maipapalagay na nang dumaong ang mga Austronesyano sa *Puliran* o rehiyon ng lawa noong mga bandang 1050 B.K sang-ayon sa petsa ng *Angono Petroglyphs* (Salazar, 2013; Saluria, 2023) ay buo na ang tanawin ng lawa ng Laguna sa kasalukuyan nitong pag-aanyo, at hindi talaga anakronistikong maipapalagay na sa pagitan ng



ikalabing walong dantaon o hanggang ikalabing siyam na dantaon lang nabuo ‘gaya ng implitong nais pahiwatigin ni Go Bon Juan. Gayundin, kung maipapalagay na tanggapin at paniniwalaan ang ginunam ni Go Bon Juan, tila mahirap ata itong maikorobora sa deskripsyon na “*meandering curves of a creek*” ng *Ma’i* batay sa pagsasalarawan ng mga kronikang Tsino dangang malinaw naman pala ang pagiging madawag ng tubigan na nag-uugnay sa “hindi pa umiiral” na ilog Pasig.

Ang mabigat na suliranin at nakatiwangwang na mga katanungang ito ay malinaw na hindi nailahad ni Go Bon Juan sa kaniyang pag-aaral. Isang suliraning nag-iimbiba sa paghahanap o/at paghahagilap ng panibagong kasagutan sa enigmatikong katanungan. Magkagayunman, sa harap ng lahat ng mga ito, ay ang katotohanang hindi nagtapos kay Juan ang huling salita sa ispekulatibong pagtumbok sa kinaroroonan ng *Ma’i*. Yayamang ang paghahanap at paghahain ng isang mas rasyonal na interpretasyon ay bibigyang solusyon at tatangkaing bigyang punan ng historyador-anthropologo na si Zeus Salazar na makikita sa kaniyang kumprehensibong pag-aaral na— *Tundun-Pailah-Binwangan: Ang Sistemang Ilog ilawud-ilaya ng Katagalugan bilang Halimbawa ng isang Proseso ng Pagkabuo ng mga Sinaunang Pamayanan ng Kapilipinuhan* (Salazar, 2013). Makikita sa papel na ito ni Salazar na bagaman malinaw ang pagsang-ayon nito sa tumbasang *Ma’i = Bay* na konklusyon ni Go Bon Juan, ang tila nakatiwangwang na problemang iniwan ni Juan ang siyang nagdala sa kaniya sa pagmumungkahing hindi talaga sa kasalukuyang *Bay* o rehiyon ng lawa natagpuan ng mga mangangalakal ang *Ma’i* kung hindi sa kasalukuyang rehiyon ng *Verde Island Passage* na sinasang-ayunan din naman sa pag-aaral ni Boquiren (2013).

## Ang *Ma’i* sa Sonang Ekolohikal ng Verde Island Passage?

Itinuturing na “enigmatiko” at suliranin para kay Salazar ang biglaang pag-iral ng *Ma’i* sa mga batis pangkasaysayan o/at kronikang Tsino. Hindi lamang dahil sa kawalang katiyakan ng lokasyon nito kung hindi maging sa mga suliranin sa naratibo kaugnay ng pag-iral nito. Katulad ng nabanggit na, halos kasabayan nga ng *Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna (IBTL)* noong 900 M.K ang paglitaw ng *Ma’i* sa kronikang Tsino noong 971 M.K—halos mahigit pitong dekada ang pagitan. Malinaw sang-ayon sa kasunduan ng *IBTL* ang pagiging makapangyarihan ng Tondo (ilawud) sa buong ilaya (Lumbang, Pila, atbpa.) bunga na rin ng pagpapakasal ng anak ni Dayang Akitan na si Namwaran kay Jayadewa bilang kahayagan ng konsolidasyon ng kapangyarihan at pagtatatag o ibayong pagpapalakas din ng alyansa at ng relasyong simbyotikal sa pagitan ng *hulo-wawa* (Tiongson, 2013).

Kung susundan ang pagbasa ni Salazar (2013), lumalabas na ang arbitraryong pagtutumbas sa *Ma’i* bilang kabuuan ng rehiyon ng Laguna kasama ang Pila tulad na lamang ng pinagpalagay ni Go Bon Juan ay hindi maaari. Ito ay sapagkat ang Pila nga bilang pinakaimportanteng bayan noong panahon ng *IBTL* nang ikasampung dantaon ay nasasailalim sa kapangyarihan ng Tondo at hindi ng *Ma’i*. Samantala, ang pamamayani ng *Tondo* ay susundan naman kinalaunan ng pamamayani ng *Namayan* (Santa Ana) hanggang sa pagsapit ng ika-14 na siglo na, sang-ayon sa mga datos arkeyolohikal, ay mayroon ding malapit na pagkakaugnay sa mga pamayanan paakyat ng ilaya patungo sa Taguig at Pasig, hanggang sa Pila at Lumbang. Malinaw ito sa naging konklusyon ni Beyer (1932) at ng Pambansang Museo (1968) sa kanilang mga sinagawang paghuhukay ng makatuklas sila ng mga magkakahalintulad na mga liktao na kahawig ng mga nahukay sa Santa Ana (*Namayan*) bilang isang sentral na pook at isang ganap at matatag na kapangyarihan noong ikalabing isa hanggang ikalabing

apat na dantaon (Fox & Legaspi, 1977). Sa pamamagitan ng mga magkakahalintulad na hukay na ito ay pahapyaw din namang makakabuo ng kahanayan o *pattern* ng mga naging pagkilos sa kalakalan mula *ilawud* paakyat ng *ilaya* tungo sa Pasig-Taguig bilang pook entrada na papasok at papalabas ng *Puliran* o lawa ng Laguna.

Katunayan, ang kahalintularang nahukay sa Santa Ana ay umabot pa nga hanggang sa kaibayuhan ng lawa partikular, at katulad ng nabanggit na, sa dalawang pook ng Pila at Lumbang. Itong dalawang huli bilang mahalagang pook noong 900 M.K na nasasaad sa *Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna*. Kung saan ang Pila ay nasa ilalim ng kapangyarihan ni Jayadewa ng Tondo bilang isang pinuno, habang ang Lumbang naman sa isang dako ay ang pook na nagkaroon ng matatag na ugnayan sa Tondo matapos ang napagkasunduang pag-iisang dibdib nina Jayadewa at Namwaran na anak ni Dayang Akitan ng Lumbang (*Mdang*). Ang kinahantungan ng pag-iisang dibdib na ito ay ang pagiging *kapalawis* o tapat ng kanilang magiging salinlahing walang hanggan sa *Dewata* o Butuan na siyang pook na pinanghuloan o pinagmulan ni Jayadewa (Tiongson, 2013). Manipestasyon lamang ang napakalawak na ugnayang ito sa matuturing na konkretong kahayagan ng isang ekstensibo at intensibong komersyal na ugnayan ng bawat bayan bago pa man ang kolonyalismo (Salazar, 2010, 2022).

Sa katunayan, kaugnay ng maaaring relasyon ng Tondo sa Namayan, mabibigyang pagtataya na ang *Namayan* ay umiiral na rin noong 900 M.K pa man kasabay ng *talasokrasiya* ng Tundun-Butuan-Puliran batay na rin sa istratigrapikal na pagsusuri sa kultural na sapin (*cultural layer*) ng Santa Ana na maitutulak pa noong ika-11 na dantaon partikular ang tiyak na petsang 1095 M.K (Paz, 2009; Vitales, 2013; Barretto-Tesoro, 2013). Magkakatemporaryo samakatuwid ang *IBTL*, *Namayan*, at *Ma'i* na lahat ay katatagpuan sa loob ng *ilaya-ilawud* ng sistemang ilog Pasig (masasang-ayunan man na ang *Ma'i* ay ang kasalukuyang *Bay* ng Laguna). Maipapalagay sa gayon, sang-ayon kay Salazar, na hindi maaaring tumawid ang kalakal ng *Ma'i* sa kahabaan ng ilog Pasig sapagkat kontrolado nga ng tatlong magkakaalyansang bayan ng Tondo-Pila-Lumbang ang lagusan pa ilog Pasig, o kung papayagan man ito ay hindi matuturing na episyente at praktikal sanhi ng napakalayo nitong distansya. Mangyari pa, kung ibayong mapapatotohanan at matitiyak ang lokasyon ng Taguig at Taytay bilang hangganan, malamang na sa daanan pa lang ng bukana ng lawa ay nahaharangan na ng Taguig at Pasig ang pagpasok ng *Ma'i/Ba'l* sa kahabaan ng ilog Pasig hanggang sa panahon ng pamamayani ng Namayan (Saluria, 2023). Kaya naman sang-ayon kay Salazar (2013):

...implisitong naisantabi na noon ng kapangyarihang Tundun-Pailah, kasama ang Lumban(g)/Mdang (infra), ang Ba'i/Ma'i sa Puliran, dulot ng kasunduang nababanggit sa IBTL. Kontrolado na ng tatlong magkakaalyadong bayan, sa labasan pa lamang ng Lawa, ang paggamit ng Ilog Pasig patungong Look ng Tundun (Maynila) at ibayo nito. (pp. 357-358)

Ipinapalagay ni Salazar na sa ganitong pagkakaugnay matuturo ang sanhi upang humanap ang Bai/Ma'i ng alternatibong ruta patungo sa Kanlurang Dagat ng Pilipinas na nahanap nila sa pamamagitan ng Look ng Balayan sa pamamagitan ng Ilog Pansipit na higit na tumutugma sa "ilog-ilogang" deskripsyon ni Chao Ju-kua. Ang erya ng kasalukuyang *Verde Island Passage* bilang sonang ekolohikal na nasa loob ng axis ng Mindoro at Batangas.

Malinaw ang posibilidad na ito, dangang makailang beses na rin sa mga batis pangkasaysayan nagpalipat-lipat ang *Bay* ng lokasyon dulot ng pagbaha. Nakaangkla sa ganitong pangyayari kung bakit, mula uli kay Salazar, mayroon o kakakitaan ng mga similaridad ng ilang mga pangalan ng pook mula lawa ng Laguna/Puliran patungo sa Lawa ng Bombon o kilala sa kasalukuyan na lawa ng Taal tulad na lamang ng *Tadlak* kapwa ng Mainit o Los Baños at ng Alitagtag na kapwa nasa magkaparehas at hindi naiibang kapaligiran dangang parehas itong nasa lawa. Sa kasalukuyan, ang teoryang ito ni Salazar ay mapanghahawakan at patuloy pang mapipino sa harap ng mga kasalukuyang datos na umiiral. Kung susumahin sa kabuuan, lumalabas na ang posibilidad ng Mindoro ni Scott, at ang pagtukoy sa *Ma'i* bilang Batangas sa pag-aaral ni Wang Teh-ming (1967) bilang posibleng lokasyon, maging ang agam-agam ni Go Bon Juan sa proksimidad ng *Bay*, matuturang litaw ang “diplomatikong” tugon ni Salazar sa kaniyang papel sa pagtukoy nito na sinasaklaw ng *Verde Island Passage* ang mga lugar ng Batangas-Mindoro erya kaugnay ng *Puliran* o Lawa ng Laguna. Ayon sa kaniya:

Ibig sabihin, kahit aling lugar o bayan sa buong rehiyon ay matataguriang *Ma'i* o *Ma-yi*. Kung gayon, mapag-uugnay-ugnay ang tatlong ipinapalagay na lugar kung saan matatagpuan ito bilang napuntahan ng mga mangangalakal na Tsino. Ang huli siguro ay ang *Ma-it* sa Mindoro (saan man ito matatagpuan), habang ang pinakauna ay ang *Ba'i* ng *Puliran* na siya sigurong unang nabanggit sa mga kronikang Tsino at maaaring napalipat o nagkaroon ng sangay/kaugnay sa Lawa ng Taal at ito ang napuntahan ni Zhao Rugua (Salazar, 2013, p.366).

Kung mapapaniwalaan ang *hypothesis* ni Salazar na ang *Ma'i* ay ang rehiyon nga ng kasalukuyang *Verde Island Passage*, ‘di hamak na mas magkakaroon ng higit lalong katuturan at kabuluhan ang natukoy ni Chao Ju-kua na ugnayan ng *Ma'i* sa *San-su* o tatlong isla ng Palawan (*Pa-lau-ye*) na nasa katimugang bahagi lamang nito, ang Busuanga (*Pa-Kiad-Nung*), at Calamian (*Kia-Ma-Yen*) tulad ng pagtataya ni Wang Teh-ming (Patanne, 1996). Magkakaroon din ng kabuluhan ang nabanggit ni Chao Ju-kua ang hinggil sa pagiging magkaugnay ng *San-su* sa *P'u-li-lu*. Ang *P'u-li-lu* na ito ay maaaring ang *Puliran*(?) sa Binatbat na Tanso ng Laguna, at hindi ang Polilo na nasa gawing Pasipiko sa silangan, kasama ang Tung-Liu-Li ni Wang Ta-yuan na tumutukoy talaga sa Tondo (Kimuell-Gabriel, 2013). May katuturan ang ganitong palagay sapagkat matatandaan na kahit hanggang sa panahon ng Sabwatan sa Tondo (kung saan mapapansin ang lawak at saklaw ng mga pook sa Pilipinas na tumugon sa Sabwatan), mayroon pa ring “maaaring” malinaw na larawan sa dating unti-unting nangabuwag na kaayusan at pag-uugnayan sa pagpasok ng kolonyalismo. Mapapansin na kasama sa nakisangkot rito ay ang *Bay*, *Laguna* sa pamumuno ni Amarlangagui, at ni Antonio Surabao na datu ng *Calamian*, *Palawan* bilang pook at personalidad na kapwa nagkanulo sa nabigong sabwatan (de Vera, 1599; Agoncillo, 1990). Samakatuwid, kahit hanggang sa taong 1588 ay malinaw pa ang posibleng *remnant* ng lawak ng dating ugnayan ng mga bayan buhat pa noong unang, at unang hati ng, milenyo at maaaring mas maaga pa rito. Ito ang dahilan kung bakit para sa *Bagong Kasaysayan*, isang napakahalagang ikutang pangyayari ang 1588 sa kasaysayan ng Kapilipinuhan kung ihahambing sa nakagisnang 1521 o 1565 na ang sentro ay sa mga aksyon at motibo ng mga kolonyalista bilang primaryang tagapagpagalaw ng sarili nating kasaysayan.

Sa gayon, masasabi natin na hanggang sa panahon ni Chao Ju-kua o kahit ni Wang Ta-yuan pa nga ay mayroon pang prestihiyong natitira sa Tondo bilang isang *entrepot* ng mga dayuhang pangangalakal mula 9<sup>th</sup> hanggang 12<sup>th</sup> dantaon M.K bago ito halinhan ng *Namayan* noong 12<sup>th</sup> hanggang 14<sup>th</sup> dantaon (Fox & Legaspi, 1977; Patanne, 1996). Higit na kapani-paniwala ang ganitong interpretasyon sapagkat nasa loob ng *Verde Island Passage* ang Calatagan kung saan nakahukay ang mga arkeyologo ng mga bultong mga artefak kasama na ang medalyon na nagtataglay ng mga “Buddhistang” imahen na masasabi nating may malaking pagkakaugnay sa saysay ng Binatbat na Tanso ng Laguna o *Laguna Copperplate* bagaman nga nasa magkaibang panahon ang kanilang naging pag-iral. Katunayan, may petsang ika-14 hanggang ika-15 na dantaon M.K ang natuklasang situng pinaglagakan ng Buddhistang artefak sa Calatagan (Francisco, 1963). Samakatuwid, kapanahon ito ni Wang Ta-yuan noong 1349 na nagtiyak sa kaniyang akda ng mga bakas ng malinaw na pagtanggap ng ating kabihasan sa impluwensyang Hindu at Budismo (Ching-ho, 1968). Higit lalo pa kung idadagdag pa rito ang hindi mabilang na artefak na may kaugnayan sa Hindu-Budismo tulad ng *Golden Tara* ng Agusan (ika-9 – ika-10 dantaon M.K) na kapahon ni Chao Ju-kua na nakapagtala sa *Ma’i* ng mga “nakakalat na bronseng istatwa ni Buddha” (Ju-kua, 1911, p.159; see also Yang, 2020, “Mayi”) , o kahit pa ng mga kakontemporaryong liktao sa panahon ni Wang Ta-yuan noong ikalabing-apat na dantaon tulad ng *Gold Garuda Pendant* (ika-14 dantaon M.K), *Copper Tara* ng Bukidnon (ika-14 dantaon M.K) at iba pang mga kaugnay nito. Kung susumahin, ang mga liktao na nabanggit ay kapwa konkretong kahayagan ng malinaw na pagtanggap ng kalinangang Pilipino sa kabihasnang Hindu bago pa man at matapos ang pagsapit at paglaganap ng Islam noong dulong bahagi ng ika-13 dantaon (Salazar, 2004). Isang matibay na patunay ito na mula kay Chao Ju-kua kahit hanggang sa panahon ng pagsapit ni Wang Ta-yuan ay malaganap pa ito tulad na lamang ng kanilang naitala.

Nararapat lamang na masalungguhitan ang mga ito sapagkat ang mga ito ay isang mahahalagang mga katibayan na ang pagpasok ng impluwensyang Hinduismo o Buddhismo ay isang epoka lamang na bahagi ng mas masaklaw na kasaysayan o/at naging historikal na pagsulong ng buong *Nusantara* o *Dunia Melayu*. Isang natatanging rehiyon na mayroong malalim na Austronesyanikong pagkakaugat na kinalaunan ay magkakatulad din na tumanggap ng impluwensyang Hindu-Buddismo (Salazar, 1998, 2022). Sa kaso ng Pilipinas ang pagkakatanggap na ito ay magbubuhay pa mula pa noong, o bago pa ang, panahon ng *talasokrasiya* noong 900 M.K na makikita, sa kaso ng *IBTL*, sa pagpasok ng ilang mga elementong Hindu tulad ng Sanskrit, pagpepetsang Buddista—i.e. *Shaka* 822, at ang pagkakataglay ng mga kataga o titulong pangmilitar gaya ng *senapati* (Postma, 1992; Tiongson, 2013). Kinalaunan, ang kasasapitan ng kolektibong pagtanggap ng buong *Nusantara* sa mga ito ay makikita sa malinaw na pangkasaysayan at pangkalinangang *continuum* sa pagsapit ng ika-16 na dantaon at mas maaga pa rito na makikita sa: 1) paglaganap ng Islam kinalaunan sa Sulu, Maguindanao at Maynila ni Rajah Matanda at Rajah Muda; 2) ang penomenon ng mga tatawaging *Luções* na mga mandirigma at mangangalakal na nasa kabanwahang Malayo tulad ni Regimo Diraja, at; 3) ang “pagkakatuklas” kinalaunan ni Magellan sa kapuluang tatawaging Pilipinas noong 1521 gamit ang impormasyon mula kay Enrique de Malacca na natatalos na mayroong Pilipinas, at nakikipagusap sa mga pinuno ng Kabisayaan gamit ang wikang Malay bilang *lingua franca* ng buong *Dunia Melayu* (Reid, 1988). Konkretong patunay ito ng isang nagpapatuloy pang ugnayan ng buong rehiyong tinatawag o/at tatawaging *Maphilindo*. Lumalabas, samakatuwid, na mayroong dalawang dakilang

kapanahunan ang ating kasaysayan: 1) panahong Austronesyano; 2) Dunia Melayu (Salazar, 1998).

Bilang pagbabalik, magpahanggang sa kasalukuyan, hindi pa natin alam ang dahilan ng paghina ng *Ma'i*, ngunit nakatitayak tayo na naglaho ito sa mga kronikang Tsino sa pagsapit ng ika-14 dantaon sa panahon ng dinastiyang Ming noong 1368-1644 (Scott, 1984; Patanne, 1996). Halos kasabay at sinundan din ito kinalaunan ng paglaho ng Namayan noong huling bahagi ng ika-15 dantaon dulot ng maaaring pagsapit Islam at ng mga mangangalakal na Muslim sa harap ng noo'y sumisibol na *entrepot* ng Maynila sang-ayon sa mga arkeyologong sina Robert Fox at Avelino Legaspi (1977). Ang Maynila sa mga batis pangkasaysayan ay tinatawag din na *Luçon* kaugnay ng mga mamamayan nito na ang tawag ay *Luções* na maaaring sumasaklaw hanggang sa Pampanga (Alfonso, 2016). Tila tumutugma ang kronolohiyang nabanggit sa itaas sapagkat sa paglaho ng *Ma'i* bilang kapangyarihan sa panahon ng dinastiyang Ming ay ang paghalinhan naman nito sa mga kronikang Tsino ng lugar na tinatawag na *Lu-song*. Isang pook na matatandaang noong 1521 ay maagang nakatagpo o engkwentro ng ekspedisyong Elcano matapos mabihag nina Pigafetta ang Prinsipe ng Brunei na si *Ache* na kinalaunan ay tatawaging Rajah Matanda—ang “hari ng Luzon” sa pagsapit nina Legaspi na mayroong malapit na pagkakaugnay sa Brunei (Scott, 1994).

Kung gayon, batay na rin sa ganitong pagkakaugnay-ugnay, masasabi natin na tanging magiging makabuluhan, makatuturan at makahulugan lamang ang pag-aaral sa *Ma'i* kung ibabaling natin sa ganitong pagbibigay saysay at uukit tayo ng mas malalim na katanungan lampas sa usapin lamang ng pagtitiyak ng “saan”. Halimbawa, katulad ng naipakita na maaari pang mapalawak ang naturan sa itaas, hinggil sa pag-uugnay ng *Ma'i* sa konteksto ng naging historikal na pagsulong ng Pilipinas bilang bahagi ng *Dunia Melayu* kung saan magiging isang magandang panimula dito ang mga napagpauna nang “pinakamaunlad na pagdadalumat” na pag-aaral ni Zeus Salazar (1998) ukol sa buong kabanwahang Malayo. O dili kaya, ang kahalagahan na maipook ang *Ma'i* sa naging diakronikong pagsulong ng buong lawa ng Laguna kung maipapalagay na ang *Bay* nga ito ng kasalukuyang Laguna. Magbuhat pa sa panahon ng pagdaong mga Austronesyano noong 1,050 B.K/3,000 BKas. sa pamamagitan ng *Angono Petroglyphs* hanggang sa panahon ng pagsasambayanan at talasokrasiya kung saan nakaugnay ang *Pila* at *Lumbang* (Tiongson, 2013). Higit lalo pa ng *Ma'i* at *Namayan* na lahat ay pawang umiral sa loob ng sistemang ilog ilaya-ilawud/hulo-wawa ng ilog Pasig. Ang mga mungkahing pag-aaral na ito kaugnay ng usapin ng *Ma'i* ay maisasakatuparan lamang ng isang seryosong historyador na mayroong ibayong sikap na lumingon sa mas malalim na nakaraan ng bansa, at umukit ng mas malalim na batayan ng ating pagkakakilanlan.

Sa wari, bilang pagtatapos, matuturing na inkonklusibo ang konklusyon ni Go Bon Juan na lubos labis na nangangailangan pa ng ibayong pagpapatibay. Ito ay kung sukot maipapalagay at patuloy na papaniwalaan na sa kasalukuyang Bay nga ng Laguna natagpuan ng mga banyagang mangangalakal ang *Ma'i* tulad ng nais niyang bigyang pahiwatig. Hinahamon ng papel na ito ang ganitong konklusyon sa harap ng katotohanang hindi na makatitindig pa ang *hypothesis* ni Go Bon Juan sa harap ng mga makabagong pag-aaral at mga umiiral na makabagong datos sa kasalakuyan katulad ng naipakita at nagawang mapatunayan na sa pag-aaral na ito. Bilang alternatibo, isang kandidato at masusubukang dulog ang “rekonsilyong” nailatag, at mas “diplomatikong” hypothesis ng mga historyador na sina Zeus Salazar at Rowena Boquiren sa kanilang mga pag-aaral na marapat na bigyan ng karampatang pagsusuri at pagkilala. Bagaman mayroong alternatibong pagtataya, hindi

sinasarado ng papel na ito, o isipin man lamang na tinatapos nito ang usapin hinggil sa *Ma'l*. Yayamang bawat isang hakbang ay ang malay at kaakibat na pagkilala na ang mga ito ay isang kontribusyon tungo sa ibayo pang pagpapalalim ng ating kaalaman sa ating may saysay na nakaraan. Sa ganitong rasyonalisasyon na lamang ng papel nakabatay kung bakit nangangailangan ang pagsisiyasat sa *Ma'i* ng isang muling pagbasa, malalimang pagtatasa, at higit sa lahat ng muli at malalimang pagtataya.

## Mga Sanggunian

- Escritos Politicos e Historicos por Jose Rizal: Edicion del Centenario*. (1961). Comision Nacional del Centenario de Jose Rizal.
- Adams, G.I. (1910). Geological Reconnaissance of Southwestern Luzon. *The Philippine Journal of Science*, 5(2).
- Agoncillo, T.A. (1990). *History of the Filipino People (8<sup>th</sup> ed.)*. Garotech Publishing.
- Alfonso, I. (2016). *The Nameless Hero: Revisiting the Sources on the First Filipino Leader to Die for Freedom*. Holy Angel University Press.
- Barretto-Tesoro, G. (2013). Ang Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna: Isang Pagpapakahulugan sa Perspektiba ng Arkeolohiya. In C.V Penalosa & Z.A Salazar (eds.), *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna* (pp. 65-106). Bagong Kasaysayan & Pila Historical Society Foundation, Inc.
- Bellwood, P. & Dizon, E. (2008). Austronesian cultural origins: Out of Taiwan, via the Batanes Islands, and onwards to Western Polynesian. In A. Sanchez-Mazas, R. Blench, M. Ross, I. Peiros & M. Lin (eds.), *Past Human Migrations in East Asia: Matching Archaeology, Linguistics and Genetics* (pp.23-29). Routledge.
- Beyer, H.O. (1932). *Catalogue of the Taguig Site*. n.p
- Boquiren, R.R. (2013, Abril 3). *Kasaysayan at Kapaligiran: Ma'i/Ma-yi at ang Verde Island Passage kaugnay ng Maynila-Mindoro Axis.*" [Paper presentation]. 2013 Ika-11 Pambansang BAKAS-Seminar Workshop, San Antonio de Padua College, Pila, Laguna
- Ching-ho, C. (1968). *The Chinese community in the 16th century Philippines*. Centre for East Asian Cultural Studies.
- de Vera, S. (1599). Conspiracy against the Spaniards. In E.H Blair & J.A Robertson (eds.), *The Philippine Islands, 1493-1898, Tomo 7*, (pp.87-103). The Arthur H. Clark Company.
- Fox, R. & Legaspi, A. (1977). *Excavations at Santa Ana*. Pambansang Museo ng Pilipinas.
- Francisco, J. (1936). A Buddhist Image from Karitunan Site, Batangas Province. *Asian Studies*. 1(1), 13-22.  
<https://www.asj.upd.edu.ph/mediabox/archive/ASJ-01-01-1963/Francisco%20Buddhist.pdf>
- Jaraula, C.M.B. (2001). *Changes in Salinity and Sediment supply in Laguna de Bay during the past 6000 years* [Unpublished master's thesis]. Unibersidad ng Pilipinas.
- Jaraula, C.M.B., Siringan, F., Klingel, R., Sato, H., Yokoyama, Y. (2014). Records and causes of Holocene salinity shifts in Laguna de Bay, Philippines. *Quaternary International*, 349, 207-220. <https://doi.org/10.1016/j.quaint.2014.08.048>
- Juan, G.B. (2005). Ma'l in Chinese Records—Mindoro or Bai? An Examination of a Historical Puzzle. *Philippine Studies*, 53(1), 119-138. <https://www.jstor.org/stable/42633737>

- Ju-kua, C. (1911). *Zhufan zhi* 諸蕃志 (F. Hirth & W.W Rockhill, Trans.). Printing Office of the Imperial Academy of Sciences (Original work published in 1225).
- Kimuell-Gabriel, N. (2013). Ang Tundo sa Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna (900MK-1588). In C.V Penalosa & Z.A Salazar (eds.), *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna* (pp. 341-468). Bagong Kasaysayan & Pila Historical Society Foundation, Inc.
- Manalo, A. (1971). The River Pasig. *Philippine Quarterly of Culture and Society*, 3.
- Pambansang Museo. (1968). *Annual Report 1967-1968*. Pambansang Museo.
- Patanne, E.P. (1996). *The Philippines in the 6<sup>th</sup> to 16<sup>th</sup> Centuries*. LSA Press, Inc.
- Paz, V.J. (2009). Defining Manila through Archaeology. In B.R Churchill (ed.), *Manila: Selected Papers of the 17th Annual Manila Studies Conference, August 13-14* (pp.1-35). Manila Studies Association, Inc. & National Commission for Culture and the Arts.
- Paz, V.J. (2022, November 4). *The Intertwined Praxis of Archaeology and History in the Philippines* [Video]. Youtube.  
<https://www.youtube.com/watch?v=1zsPZ6AM99g&t=971s>
- Postma, A. (1992). The Laguna Copper-Plate Inscription: Text and Commentary. *Philippine Studies*, 40(2), 183-203.  
<https://philippinestudies.net/ojs/index.php/ps/article/view/1033/1018>
- Reid, A. (1988). *Southeast Asia in the Age of Commerce, 1450-1680: Volume One: The Lands below the Winds*. Yale University Press.
- Salazar, Z.A. (1974). Pagpapasakasaysayang Pilipino ng Nakaraang Pre-Ispaniko. In Z.A Salazar (ed.), *Kasaysayan: Diwa at Lawak* (pp.163-196). Limbagan ng Unibersidad ng Pilipinas.
- Salazar, Z.A. (1983). A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History. In Z.A Salazar (ed.), *The Ethnic Dimension* (pp.107-126). Caritas.
- Salazar, Z.A. (1989). Historiograpiyang Pilipino: Tungo sa Pagbubuo ng 'Pantayong Pananaw' sa Kasaysayan. In M.B Abrera & D. Lapar (eds.), *Paksa, Paraan at Pananaw sa Kasaysayan: Ulat ng Unang Pambansang Kumperensya sa Historiograpiyang Pilipino* (pp.219-224). UP Departamento ng Kasaysayan.
- Salazar, Z.A. (1998). *The Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu*. Palimbagan ng Lahi.
- Salazar, Z.A. (2004). *Kasaysayan ng Kapilipinuhan: Bagong Balangkas*. Bagong Kasaysayan, Inc.
- Salazar, Z.A. (2013). Tundun-Pailah-Binwangan: Ang Sistemang Ilog ilawud-ilaya ng Katagalugan bilang Halimbawa ng isang Proseso ng Pagkabuo ng mga Sinaunang Pamayanan ng Kapilipinuhan. In C.V Penalosa & Z.A Salazar (eds.), *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna* (pp. 341-468). Bagong Kasaysayan & Pila Historical Society Foundation, Inc.



- Salazar, Z.A. (2022, Abril 22). *Ang Bayan Noong 1521-2021: Tungo sa Pagsasalaysay na may Saysay ng Nakaraan ng Kapilipinuhan* [Video]. Reynaldo Ileta Lecture Series. <https://www.facebook.com/watch/live/?ref=search&v=789106018740893>
- Saluria, J.S. (2023). *Ang Bayan ng Tagagiik: Isang Kasaysayang Pampook*. Bagong Kasaysayan, Inc.
- Schult, V. (1991). *Mindoro: A Social History of a Philippine Island in the 20th Century*. Divine World Publications.
- Scott, W.H. (1984). *Prehispanic Source Materials for the Study of Philippine History (Rev. ed.)*. New Day Publishers.
- Scott, W.H. (1994). *Barangay. Sixteenth-Century Philippine Culture and Society*. Ateneo de Manila University Press.
- Teh-ming, W. (1967). *Sino-Filipino historico-cultural relation* [Unpublished master's thesis]. Unibersidad ng Pilipinas.
- Tenazas, R.C.P. (1973). Salvage Excavation in Southern Luzon, Philippines: A Summary. *Philippine Quarterly of Culture and Society*, 1(2), 132-136. <https://www.jstor.org/stable/29791063>
- Tenazas, R.C.P. (1982). Evidences of Cultural Patterning As Seen Through Pottery: The Philippine Situation. *SPAFADigest*, 3(1), 4-17. <https://www.spafajournal.org/index.php/spafadigest/article/view/401>
- Tiongson, J.F. (2013). *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna*. Bagong Kasaysayan & Pila Historical Society Foundation, Inc.
- Vitales, T.J. (2013). Archaeological Research in the Laguna de Bay area, Philippines. *Hukay*, 18, 54-81. <https://journals.upd.edu.ph/index.php/asp/article/view/3961/3606>
- Wolters, O.W. (1982). *History, Culture, and Region in Southeast Asian Perspectives*. Institute of Asian Studies.
- Wright, J.K. (1942). Map Makers are Human: Comments on the Subjective in Maps. *Geographical Review*, 32(4), 527-544. <https://www.jstor.org/stable/209994>
- Yang, S. (2020, Hunyo 15). *A Chinese Gazetteer of Foreign Lands: A new translation of Part 1 of the Zhufan zhi 諸蕃志 (1225)*. StoryMaps.ArcGIS. <https://storymaps.arcgis.com/stories/39bce63e4e0642d3abce6c24db470760>

## Deklarasyon ng awtor (Author's Declaration)

### Kontribusyon ng mga awtor (Authors' contribution)

Ang awtor ang siyang bumuo, nangalap at nagsuri ng mga datos, maging ang pagsusulat, pagrerebisa, at pag-eedit ng manuskrito. Sumang-ayon din ito na mailathala ang kasalukuyang bersyon ng manuskrito.

### Pondo (Funding)

Hindi nakatanggap ng pondo ang mga mananaliksik upang isagawa ang proyektong ito.

### Pasasalamat (Acknowledgment)

Lubos na nagpapasalamat ang mananaliksik kay Dr. Zeus A. Salazar na siyang talang tagapamatnubay sa aking musmos na kaisipan. Gayundin maging kay Dr. Shao-yun Yang para sa pakikipagtalastasan at pakikipagkaibigan.

### Pahayag ng Posibleng Pansariling Interes (Conflict of interest statement)

Walang ipinahahayag na *conflict of interest* ang awtor.

## Tungkol sa awtor (About the author)

Si **Jolan S. Saluria** ay kasalukuyang instruktur sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas kapwa sa Maynila at Taguig. May akda ng librong "Ang Bayan ng Tagagiik: Isang Kasaysayang Pampook" na inilathala ng Bagong Kasaysayan, Inc. noong 2023. Natamo niya ang kaniyang B.A. sa Kasaysayan, *MAGNA CUM LAUDE*, SA ARELLANO UNIVERSITY noong 2023. Kasalukuyan niyang tinatapos ang kaniyang masterado sa kasaysayan sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman.